

CHAPTER *One*

*K*anina pa nababasag ang eardrums ni Ashley sa boses ng lalaking kumakanta sa stage ng KTV Bar. Kasalukuyan silang nasa favorite tambayan nilang magkakaibigan. Napapailing siya habang pinapanood ang lalaking kumakanta. Buti sana kung pangit lang ang boses nito, ang masaklap ay ipinangangalandakan pa yata nito iyon dahil pasigaw itong kumakanta.

“More! More!” hiyawan ng grupo ng mga kalalakiang malamang ay barkada nito. Nakaamerikana ang mga ito kaya malamang ay galing din sa trabaho gaya nila.

Nakabusangot ang mukhang binalingan niya ang mga kaibigan pero taliwas sa inaasahan, ngiting-

ngiti si Tarah, ang best friend niya, habang nakatitig sa lalaking kumakanta, samantalang sina Kirby at Efrina ay hindi magkandantuto sa pamimili ng kakantahin.

Nakilala niya si Tarah noong nagsisimula pa lang ang career niya bilang ahente sa insurance company kung saan parehas na silang manager ngayon. Sabay silang na-promote bilang Unit Manager. Ipinakilala nito sa kanya sina Efrina at Kirby na pawang mga kababata nito. They eventually became her friends, too.

Naging libangan nilang mag-KTV Bar tuwing gabi ng Biyernes.

Tiningnan niya ulit si Tarah.

Aba't ang bruha, nangangarap pa rin! Nakatutok ang mga mata nito sa direksyon kung saan umupo ang lalaking kumanta.

Pero in fairness, guwapo nga pala. Matangkad at moreno ang lalaki.

Siniko niya ang kaibigan. “Yang mata mo, baka malamon si pogi,” bulong niya rito.

Saka lang ito parang nakabalik sa huwisyo. “Gosh, did you see that, Ash? Ang galing niya!” pigil ang tiling sabi nito. Kumikislap ang mga mata nito sa tuwa.

“Okay ka lang? Binasag niya nang bongga ang

eardrums ko, friend!” Pinandilatan niya ito.

Humagikhhik na natutop nito ang noo. “No, I mean ang guwapo niya.” Nagpapadyak pa ito sa kilig.

Nawiwirduhang tiningnan ni Ashley ang kaibigan. NBSB si Tarah dahil takot ang mga lalaki sa kaprangkahan nito at takot din itong makipagrelasyon. Galing sa broken family ang kaibigan at hindi ito naniniwala sa sariling forever pero kapag forever ng ibang tao, meron daw. Lahi lang daw nito ang pinagkaitan ng bagay na iyon dahil mula sa lolo’t lola, titas and titos nito, at mismong parents ay wala talagang nakaranas ng *together forever*.

“Well, friend, ngayon lang kita nakitang lumandi nang ganyan. Good luck!” Natatawang tinapik niya ito sa balikat.

Tumayo siya at nilapitan si Kirby na nakakunot-noong nakatunghay sa song book na hawak ni Efrina.

“Ano, nakapili na kayo? Kami naman ni Tarah.”

“Isa na lang.”

Patuloy ang isa sa pagbuklat ng song book.

“Done,” mayamaya ay nakangiting sabi ni Efrina.

Bitbit ang song book na binalikan niya si Tarah. Nauna itong namili sa kanya. Mayamaya ay may sumalang ulit sa KTV stage.

This time, malamig ang boses ng kumakanta. Kaya nag-enjoy siyang pumili ng kakantahin habang nakikinig.

*“Why do I still feel for you?
Trying to get close to you
Oh, baby why do I still
Fear to face the ghost of you...”*

Nakangiting nilingon ni Ashley ang kumakanta. Sa gulat niya ay sa direksyon niya ito nakatitig. Ewan niya kung namamalik-mata lang siya pero pakiwari niya ay sa kanya talaga ito nakatingin.

*“How I tried to get you off my mind
But you returned
All the time...”*

Parang may mga naghahabulang kabayo sa dibdib niya nang bigla siyang kindatan nito. Pinamulahan siya ng mga pisngi nang magsitilian ang ibang audience kasama na ang kanyang mga kaibigan.

May kung anong pamilyar na napukaw sa damdamin niya sa ginawi ng lalaking kumakanta.

“Kinindatan ka ni mamang pogi, Ash!” kinikilig

na tili ni Efrina.

“Haba ng hair mo, friend,” impit na tili ni Tarah.

Napakunot ang noo ni Ashley. Habang tinitingnan niya kasi ang lalaki ay lalong tumitindi ang pakiramdam niya na pamilyar ito sa kanya. Guwapo ito at may biloy sa magkabilang pisngi.

He reminded her of someone.

Impossible!

Unti-unti itong lumapit sa kanya habang kumakanta. Lalong naghiyawan ang mga tao sa bar. Ang mga babae ay tila naiinggit na nakatingin sa kanya.

“Kiss! Kiss!”

Namumula ang mukhang umiling siya rito. Tila naintindihan naman siya nito at bumalik sa stage. The crowd sighed in disappointment. Hinampas siya ng mga kaibigan. Ewan niya pero parang nanghinayang din siya sa halik sana nito.

Baliw, paano kung manyakis pala iyan!

Ipinilig ni Ashley ang ulo nang senyasan sila ni Kirby. Nauna na itong pumasok sa KTV room kung saan sila magbo-bonding na magkakaibigan.



Rafaelo couldn't sleep.

Kanina pa siya nakatitig sa kisame ng kuwarto niya. Namamahay pa rin siguro siya. Isang linggo

pa lamang mula nang umuwi siya ng Pilipinas mula sa States.

He sighed. He never thought he would see her again. Ashley De Magiba. Ash, the woman who broke his heart.

Six years had passed and she's even more beautiful than he expected.

Payatot ito noon pero talagang maganda ang mukha. Nakilala niya ito sa isa sa mga major subjects niya sa college. Kapwa Finance ang major nila sa kursong Business Administration. Naging groupmates sila nito hanggang sa lagi na silang magkasama at naging close friends. She was simple, innocent and smart.

She was twenty then and he was twenty-two. Masaya sila bilang magkaibigan. Tampulan sila ng tukso dahil kung ano ang ipinayat ni Ash, iyon naman ang itinaba ni Rafaelo.

Ash would just laugh out loud and shrug her shoulders. He knew he loved her from the time he laid his eyes on her. Pilit niyang inignora ang nararamdaman dito at ibinaling ang pansin kay Chesney, ang dalagang chubby na imina-matchmake sa kanya ni Ashley.

He ended up breaking up with her, leaving her in the rain. Rafaelo remembered Chesney calling him

pig. Hindi naman niya ito masisisi. He was really a pig back then, with his size and with the way he ate.

Pagkatapos niyon ay nagtapat siya kay Ashley. Hindi niya makakalimutan ang reaksiyon nito. Nasa school cafeteria sila noon. She looked startled and shocked. He saw horror in her eyes. She was speechless.

Then she walked away, leaving him feeling helpless and bereft. The next day, he called her. He told her he needed someone to talk to. Nangako itong pupuntahan siya pero ni anino nito ay hindi sumipot sa tagpuan nila. Sinubukan niyang ma-contact ito, pero hindi nito sinasagot ang cellphone.

He thought maybe it was Ash's way of telling him that everything was over between the two of them. He figured she couldn't tell him directly because she didn't want to hurt his feelings.

Pakiramdam niya noon ay tila sinakluban siya ng langit.

Rafaello realized that he was just an ordinary friend for her. At sa hitsura niya noon, paano nga ba ito magkakaroon ng espesyal na pagtingin sa kanya. Big Raf-Raf nga ang tawag nito sa kanya noon, eh. Pang-*sumo wrestling* daw ang hitsura niya, sabi pa nito.

Six years ago, he left Philippines with a broken

heart.

“Damn,” he cursed under his breath. “Why can’t I just get her out of my mind?” parang tangang tanong niya sa sarili.



Naisipang dumaan ni Ashley sa mall. Hindi siya nasamahan ng mga kaibigan dahil may kanya-kanyang lakad ang mga ito. Matagal na ring panahon nang huling may binili siya para sa sarili. Lagi siyang tinatamad mag-shopping kaya puro luma na rin ang mga damit niya.

Napangiti siya nang mamataan ang isang boutique. Mamahalin ang mga tinda roon pero wala muna siyang pakialam doon. Minsan lang naman siya bibili kaya pinipilit niyang huwag manghinayang kahit sa totoo lang ay napakakuripot niyang tao. Binibigyan niya ng halaga ang bawat sentimo dahil ayaw niyang maghirap ulit.

Napalunok siya nang makita ang presyo ng puting blouse na nakakuha ng atensyon niya. Three thousand nine hundred ninety-nine iyon. Pikit matang kinuha niya iyon at pinag-isipang isukat. Dere-derecho siya sa fitting room para lang mapatili nang malakas sa nabungaran. Napatingin sa kanya ang lalaking nasa loob ng fitting room nang itulak niya ang pinto at nanlalaki rin ang mga mata nito

sa gulat. Kahuhubad lang nito ng suot na pantalon at naka-briefs na lang.

Pulang-pula ang mukhang tumalikod si Ashley at muntik pang mabangga ang kasalubong na saleslady.

“Ma’am, doon po ang ladies fitting room,” turo nito sa kaliwa niya.

Parang nagpipigil sa pagtawa ang mga kasama ng saleslady. Ibinaling na lamang niya sa ibang direksyon ang mga mata nang pagtinginan siya ng mga ito.

Shit! Absent-minded siya kanina kaya hindi niya napansin ang signage na men’s fitting room ang kanyang napuntahan. At saka hello, malay ba niyang hiwalay ang fitting room ng mga babae at lalaki sa shop na ito?

At sa dinami-dami ng lalaki sa mundo, siya pa talaga. Di man lang kasi nag-lock ng pinto!

Natatandaan niya ang lalaki. Ito iyong guwapong nakatagpo niya sa KTV Bar.

Walang sali-salitang binayaran niya sa cashier ang damit na hawak at nagmamadaling lumabas ng shop.



Napapatawang mag-isa si Rafaelo. Kasalukuyan siyang nagmamaneho para puntahan ang mga

kaibigan sa hangout nila. He could still remember Ashley's face when she saw him in his underwear. Para itong natuklaw ng ahas at mas lalo itong naging cute sa paningin niya. Sigurado siya na hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nakikilala ng dalaga. Wala siyang makitang recognition sa inosenteng mga mata nito. He couldn't blame her. How could she recognize him when he looked so different than he used to?

Well, hindi sa pagbubuhay ng bangko pero ayon sa mga babaeng nagtatapat sa kanya, ngiti pa lang daw niya ay nababaliw na ang mga ito. Hindi niya magawang mag-commit sa kahit kanino at makasakit ng damdamin dahil may espesyal na babaeng hindi matanggal-tanggal sa puso niya.

Hinabol niya si Ashley kanina pero hindi na niya ito naabutan. He wanted her to know it was him—her Big Raf-Raf.



“Ma’am,” untag ng secretary na si Shiela.

Ibinaba ni Ashley ang binabasang newspaper. “Ano iyon?”

“Kailangan daw po ang signature ng agent at ng client dito sa bagong proposal, sabi ng servicing area,” imporma nito.

“Sinong agent ang nagpagawa niyan sa iyo?”

nakakunot ang noong tanong niya.

“Si Ma’am Cleo po.”

“Eto ang number niya. Tawagan mo na lang.” Ibinalik niya ang pansin sa diyaryo pagkatapos maibigay ang numero ng ahente nila. Pero hindi umalis si Shiela.

“O, may kailangan ka pa?” takang tanong niya.

“Ahm, ma’am, ano po ang sasabihin ko kay Ma’am Cleo?” Nahihiya ang tono nito.

Napabuntong-hininga si Ashley.

Ewan niya, pero nakakahalata na rin siya sa sekretarya. May pagkaboba nga yata ito tulad ng laging sinasabi sa kanya ni Tarah. Mabuti na lang at naka-out of town ang kaibigan, kung di ay pamimilosopo na naman ang inabot ni Shiela rito. Mag-aanim na buwan na ito sa kanya. Pilit na iniintindi niya ito dahil alam niyang galing din ito sa hirap at kapag sinisante niya ay baka sa kangkungan ito pulutin.

Kinalma niya ang sarili.

“I-inform mo si Miss Cleo na hindi natanggap ang policy proposal. Sabihin mo na kailangan ang signature niya at ng client. Thank you, Shiela,” pagdi-dismiss niya rito.

Kung may natutunan man siya sa pagtatrabaho ni Shiela sa office nila, iyon ay ang magpasensya.

Hindi pa ito nakatikim ng pagsasabon mula sa kanya kahit na ilang ulit na itong nagkamali, dahil naniniwala siyang kung maiinis siya rito ay lalong lugi ang kompanya sa pag-hire dito.

Beinte minutos siguro siyang nagbabasa nang may pumasok sa office nila. Narinig niya ang boses ni Cleo, ang pinakamagaling na ahente niya. Binati nito si Shiela.

Ibinaba niya ang binabasa.

“Good morning, Ma’am Ash,” masiglang bati sa kanya nito. Masayahin ito at hindi pa yata niya nakitang sumimangot.

“Good morning, too, Cleo,” nakangiting ganti niya sa magandang ahente. Ngiting napawi nang mapagsino ang kasama nito. Ang lalaking kumanta noon sa KTV Bar na siya ring lalaki sa fitting room. Naramdaman niya ang pamumula ng mga pisngi lalo na nang makita niya ang naglalarong ngiti sa mga labi ng lalaki.

Alam niya at ramdam niya na pinipigilan lang nito ang pagtawa. She could clearly see that he recognized her.

“Ah, anyway, bago ko palang kliyente, si Ely Dean. Ely, ang manager ng unit namin, si Miss Ashley De Magiba.”

Napako ang tingin niya sa mukha ng nakangiting

lalaki. Napatitig siya sa pangangatawan nito, pagkatapos ay sa mukha ulit. Napaawang ang bibig niya.

Could it be him?

“No way. Big Raf-Raf!” bulalas niya. She didn’t realize she was pointing her finger at him.

“Ash...” He bowed before her like she was a royalty.

So he knew it was her all along? Sabagay, wala namang nagbago masyado sa kanya. Pero ito? *Paanong...?*

“Magkakilala kayo?” Nagpalipat-lipat ang tingin sa kanila ni Cleo.

“We were close friends in college,” hindi maalis ang ngiting sagot ni Rafaelo.

“Whoa! What a small world,” natatawang sabi ni Cleo. “Let’s get down to business. May kailangan pa kasi akong lakarin kaya kailangan ko kayong iwan.”

Sinenyasan ni Ashley si Shiela. Ibinigay naman kaagad nito ang mga papeles na nangangailangan ng respective signatures ng dalawa.

“Ano, maiwan ko na kayo to catch up. Medyo nagmamadali lang ako,” paalam ni Cleo.

Tinanguan ito ng lalaki. Humalik si Cleo sa pisngi ni Rafaelo. Ewan niya pero parang may kung anong sumundot sa dibdib niya.

“Okay, Cleo. Thank you,” sabi na lang ni Ashley.

“Bye, Ma’am Ash. Ely, behave. I’ll see you soon,” nagmamadaling paalam nito sa kanila.

“Bye. You take care,” sabi ni Rafaelo rito. Hinabol nito ng tingin ang papalayong babae.

Parang may inggit na naramdaman si Ashley sa ahente.

CHAPTER *Two*

“So?” Binalingan siya ni Rafaelo. He looked dashingly handsome in his casual white shirt and dark pants. Ngiting-ngiti pa rin ito.

“So ka diyan? I can’t believe it’s you!” bulalas niya. “I mean, look at you.” Ang dating tigasampung kilo yatang excess taba sa kung saan-saang parte ng katawan nito ay hindi na niya mahanap. All she could see were muscles. She bet he got six pack abs.

“Can I hug you? I miss my buddy.”

Hindi na nag-inarte si Ashley. Siya na ang kusang yumakap dito.

Rafaelo smelled so good. Was it his cologne or his masculinity? Parang gusto niyang ibaon ang

ilong sa gilid ng leeg nito.

Ano ba'ng nangyayari sa akin?

“Bwisit kang lalaki ka, bakit ngayon ka lang nagpakilala? Sinasabi ko na nga ba't ikaw iyon, eh, 'yung sa KTV,” nakuha niyang sabihin dito.

Narinig niya ang mahinang pagtawa nito. Mas mahigpit na yakap ang iginanti ni Rafaelo sa kanya.

Hindi agad siya nito pinakawalan. “At ako din ang lalaking binosohan mo sa fitting room,” bulong nito.

Umatras siya at bahagya itong itinulak. Ramdam niya ang pamumula ng mga pisngi. Hinampas niya ito. “Aksidente lang po 'yun, 'no.”

Tumawa ulit ito.

God, he's really gorgeous! Pati tinig nito ay sexy sa pandinig niya.

“I missed you so much,” narinig niyang sabi nito.

Saka lang siya tuluyang kumalas dito. “Weh, di nga? Antagal mong nawala, ah. Seriously, what happened to you? Sabi mo noon, naaawa ka sa mga taong nagdyi-gym dahil hindi nila matanggap-tanggap ang sarili nila,” lintanya niya. Hindi niya napigilang suyurin itong muli ng tingin.

Mukhang batak ang katawan nito sa exercise, parang alaga sa gym. Nahihinuha na niyang marami

na itong napaiyak na kabaro niya. She couldn't blame them for falling for this guy. Parang ang sarap panggigilan ng muscles nito. Idagdag pa na ang bango-bango ng binata.

Napakagat-labi siya sa naisip.

“So, you still remember? Well, probably because I realized you were right, that I needed to do something to boost my self-esteem,” nakangiting sabi ni Rafaelo.

She could recall always telling Rafaelo to lose weight to increase his self-confidence.

“And what made you realize that, Ely?” kunot-noong tanong niya. She would have liked to call him Raffy instead. Hindi na bagay rito ang Big Raf-Raf at baka kung ano'ng isipin ng mga tao sa paligid kapag tinawag niya ito nang ganoon. “And you're Ely now, huh?” patudyong sabi niya rito.

“It's how my family and my friends in the States address me,” he said.

“States?” Kunot-noong ulit niya.

“Yes. N'ung araw na tinawagan kita, kinabukasan noon ang flight ko. Ngayon lang ulit ako bumalik.”

Ewan ni Ashley kung namalik-mata lamang siya, pero parang may pait na dumaan sa mga mata ng kaharap sa alaala. Kaya pala kahit anong gawin niyang pagkontak dito noon ay lagi itong out of

reach.

Bumuntong hininga siya. “Rafaelo, noong araw na tumawag ka—”

“It’s okay, Ash. You don’t have to explain,” putol nito sa sasabihin niya.

“No, you have to know,” giit niya.

“It doesn’t matter now, Ash. Matagal na iyon. Maybe we can be best buddies again. Best friends?” Inilahad nito ang kamay. Lumantad na naman ang magkabilang biloy nito sa pisngi nang ngumiti ito.

Gustong-gusto niyang pisilin ang mga pisngi ng kaharap pero pinigilan niya ang sarili. Siguro nga tama ito. *Past is past.*

“Sure. Best friends.” Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito kahit parang may bumara sa lalamunan niya nang tila lagyan nito ng limitasyon ang relasyon nila.

Ito naman ang nag-usisa sa buhay niya. Ikinuwento niya rito ang mga trabahong pinagdaanan hanggang sa na-promote siya. Mag-a-alas-doce nang magpaalam ito.

Nalaman niyang ito na ang magiging CEO ng *Clementine*, ang isang sikat na manufacturing company ng sapatos sa bansa. Ang yumaong ama nito ang dating President at CEO.

Kinuha ni Rafaelo ang number niya bago ito

umalis at nangakong tatawagan siya kinabukasan.



Katatapos lang ng managers' meeting nang tawagan ni Rafaelo si Ashley. Nagyaya ito na kumain sa labas na agad naman niyang pinaunlakan. Bagaman nagtataka, hindi siya nag-usisa kung bakit hanggang ngayon ay binata pa rin ito. After all, he was only twenty-eight years old. Hindi problema sa lalaki ang pag-aasawa, at lalong hindi niya nakikitang magiging problema iyon ni Rafaelo.

Panglimang beses na itong pag-aaya sa kanya ng binata na kumain sa labas mula nang magpunta ito sa opisina niya at magpakilalang muli sa kanya.

Mabuti na lang at hindi pa bumabalik si Tarah mula sa Bicol, kung di mabibitay na naman siya sa panunukso nito. Palagi siyang sinusundo ng binata sa office kaya hindi na niya dinadala ang kotse niya.

Hanggang ngayon, kahit kaharap pa niya si Rafaelo sa dining table na iyon, hindi pa rin siya makapaniwala na ito nga iyong kaibigan niya anim na taon na ang nakakaraan. She could not get over staring at his muscles. Pasimpleng sinaway niya ang sarili nang ma-realize na nakatingin ito sa kanya at tila may itinatanong.

“Sorry, you were saying?”

“Ahm... Si Cleo? Ilang taon na siyang nagtatrabaho sa agency n’yo?” ulit nito.

“Two and a half,” sagot niya. “Why?”

“Wala naman. Do you happen to know if Cleo has got a boyfriend already?” kimi ang ngiting tanong nito.

Oh no! Is he into Cleo? May gusto ba siya sa ahente ko?

Napangiwi siya. Akala pa naman niya ito na ang karugtong ng love story nila ni Big Raf-Raf niya. Well, hindi niya ito masisisi. Maganda si Cleo, maputi at mala-anghel ang mukha.

Maganda din naman ako, ah! Maputi lang si Cleo.

Pero hindi ikaw ang gusto niya, giit ng isip niya.

Aray! parang gusto niyang sambitin.

“Ah, sa pagkakaalam ko, meron,” aniya kahit wala talaga siyang ideya. *Sorry po, Lord.*

“Oh, ahm, sabi kasi niya wala pa daw,” sabi nito habang inaabot ang baso ng tubig.

Naramdaman niya ang pamumula ng mga pisngi.

“O, sinabi naman pala niya? What’s the point of asking me?” May bahagyang pagkayamot sa tinig niya. Hindi na niya napigilan ang sarili. Unti-unti na siyang nawawalan ng ganang kumain.

“Just want to confirm, I guess. Baka may nakita kang naghatid o ibang sumusundo sa kanya before?” nakangiting pangungulit pa nito.

Ang bruho at hindi man lang naramdaman ang pagngingitngit ng loob niya. Sa inis ay napabilis ang pagsubo niya ng pagkain.

“Okay ka lang? Dahan-dahan, baka mabulunan ka niyan,” sabi ni Rafaelo. Inabutan siya nito ng tubig.

Nginitian lang niya ito nang tabingi.

“I know that look. May nasabi ba akong masama?”

Ang manhid na talaga ng lalaking ito! Hindi ba nito nararamdaman kung gaano siya nasasaktan sa tuwing nagtatanong ito tungkol kay Cleo?

“Wala. Naalala ko lang iyong masamang panaginip ko kagabi,” palusot niya para tigilan na siya nito.

Rafaelo chuckled and gave her a mysterious look. She couldn't tell what on earth he was thinking.



Nakailang biling-baliktad na si Ashley sa highaan pero hindi pa rin siya makatulog. She couldn't stop wondering if Rafaelo was interested in pursuing Cleo. Naiinis siya sa sarili kung bakit siya

nakakaramdam ng pagseselos sa ahente.

Six years ago, nagtapat si Rafaelo sa kanya at hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. Noong tawagan siya nito, naramdaman niya ang masidhing lungkot sa boses ng binata. That was when she realized how much she cared for him, and what she really felt for him.

Katatapos lang ng exams niya noon at sobrang nag-aalala siya nang hindi mahagilap ng tingin si Rafaelo. Then, he called. Pumara agad siya ng taxi sa labas ng unibersidad nila. She was on her way to see him, pero hindi pa sila nakakalayo ay aksidenteng nabangga ng jeep ang taxi na sinakyan niya.

Nagising na lang siya sa ospital na may benda na sa ulo. Pagkatapos ng araw na iyon, hindi na niya makontak si Big Raf-Raf. Naglaho na lang itong parang bula. Dinama niya ang peklat sa noo at hindi niya napigilang mapangiti. Hindi niya napigilang balikan ang mga masasayang araw nila noon.

Nasa school canteen si Ashley at gumagawa ng assignment nang may nagtakip ng palad sa mga mata niya.

“Big Raf-Raf, hahambalusin kita,” natatawang aniya.

Tinanggal nito ang kamay na nakatakip sa mga mata niya. Napangiti siya nang malingunan

si Rafaelo. Lalo itong nagmukhang mataba sa suot na puting polo. Konti na lang at tila hindi na niya ito makikitaan ng leeg. Napahagikhi siya sa naisip.

“Bakit?” takang tanong nito.

“Wala,” aniya.

“Meron, eh. Ano iyon?” pangungulit nito. Sa dalawang taong pagkakaibigan nila, kilalang-kilala na niya ito. Hindi ito titigil hangga’t hindi niya sinasagot ang tanong nito.

“Alam ko kung ano ang favorite number mo,” pilyang sabi niya. Pigil niya ang pagtawa.

Napakunot-noo ang binata. “Ano?”

“Ninety-nine,” natatawang sagot niya saka medyo lumayo rito.

Lalong kumunot ang noo nito. “Ninety-nine?”

“Ninety-nine kilos,” tumatawang saad niya. Sanay na ito sa pang-aalaska niya.

“Sayang may regalo pa naman ako sa iyo. Ikumpara ba naman sa baboy. Huwag na nga lang.” Nakabusangot na naupo ito.

Napansin agad niya ang malaking bag nito. Pumuputok sa laman iyon. Napangisi siya. Kailangan niya yatang magpakabait sa araw na iyon.

“Mamang pogi, huwag ka na pong magtampo. Joke lang iyon.” Ikinawit niya ang kamay sa matabang braso nito.

“Ah, basta! Nagtatampo pa rin ako,” sabi nito.

Napangiti siya. Ganoon si Rafaelo, ang niloloko niyang Big Raf-Raf. Minsan parang siya ang mas nakatatanda sa kanilang dalawa. Matampuhin kasi ito, minsan may pagka-immature. Ganoon pa man, kapag tinopak siya ay puro pang-aalaska ang inaabot nito sa kanya at sa awa ng Diyos ay hindi pa naman ito napipikon.

Hindi naman niya ito masisisi kung may pagka-immature ito. Siguro dahil ipinanganak itong mayaman at laging nakukuha ang gusto. Magkaiba sila ng mundong ginagalawan.

Kung di dahil sa isang scholarship ng Commission on Higher Education ay baka hindi siya makakapag-aral. Natuto siyang mangarap ng mataas at suportahan ang sarili dahil hirap din ang mga magulang sa pagsasaka. Idagdag pang may dalawa pa siyang kapatid sa elementarya.

“Huwag ka nang magtampo, partner. Iginawa na kita ng report o.” Ipinakita niya rito ang papel na hawak niya.

Hinablot iyon ng lalaki sa kanya. Nagliwanag ang mukha nito.

“Wow. Thanks.”

Inabot na ni Ashley ang bag nito. Dalawang paper bag ang nandoon.

“Alin ang para sa akin dito?”

“Sa ’yo na ’yang naka-red wrapper at iyang paper bag, chocolates kasi iyan. Ayaw ni Chesney,” sabi nito.

“Okay, thanks,” tuwang-tuwang aniya. May kaartehan kasi ang nobya nito. Takot daw na madagdagan pa ang timbang. Well, naiintindihan niya iyon dahil talagang mataba si Chesney.

“Happy Valentine’s.”

Nang balingan niya si Rafaelo ay nakatingin pala ito sa kanya. Nag-iwas siya ng tingin.

“Nakalimutan mo, ’no? Ikaw kasi, masyado kang studious. Loosen up, buddy.” Tinapik pa siya nito sa balikat.

“Salamat. Happy Valentine’s din. Sorry, ni wala man lang akong maibigay sa ’yo,” aniya.

Ang totoo niyan ay alam niyang Valentine’s Day na at pilit na iwinawaglit niya iyon sa isipan dahil wala na naman siyang maipambili ng regalo para sa kaibigan. Noong nakaraang taon ay ganoon din ang drama niya, kunwari ay nakalimutan niya kung anong petsa na. Nahihiya siyang aminin kay Rafaelo na sako lang ang pera niya para sa pang-araw-araw na gastusin.

“It’s okay. Sapat na ’yung nandiyan ka,” nakangiting sabi nito. *“...at ginagawan ako ng paper,”* pagpapatuloy nito.

Hinampas niya ito sa braso.

Nagpaalam ang lalaki sa kanya. Kailangan daw nitong puntahan ang girlfriend na si Chesney sa kabilang departamento.

CHAPTER *Three*

*M*araming pasalubong sa kanya si Tarah. Sari-saring prutas ng Bicol at chichirya ang dala nito. Kapansin-pansin na medyo tumaba ito sa dalawang linggong bakasyon nito. Gayunman, maganda pa rin ang kaibigan.

Morena ito tulad niya, nasa 5'3" ang height. Bagay rito ang kulot nitong buhok.

"Tumawag si Kirby. Dadaan daw sila dito ni Efrina mayamaya," sabi niya habang nginunguya ang chichirya.

"Uy, sakto! Labas tayo mamayang gabi. Na-miss ko ang bonding nating apat," excited na sabi nito. Kasalukuyan itong nakaupo sa desk niya. Ganoon ito kapag gustong agawin ang atensyon niya mula

sa trabaho.

“So saan tayo?” tanong niya. Parang hinahanap din ng katawan niya ang konting night life.

“Hintayin muna natin ’yung dalawa. Then, we’ll decide.”

“Okay.” Hinagilap niya ng tingin ang sekretarya pero hindi niya ito makita.

“Arlene,” tawag niya sa secretary ni Tarah. Kaagad naman itong sumungaw mula sa sariling cubicle.

“Yes, ma’am?”

“Hindi pa ba bumabalik si Shiela?” kunot ang noong tanong niya. Aba, tapos na ang break nito. 1:30 pm na. Nag-extend na ito ng thirty minutes.

Napabuntong-hininga siya. Hindi niya alam kung dapat ba niyang pagsisihan ang pag-hire dito. Halos hindi na kasi niya maramdaman ang presensya nito. Kakilala ito ng pinsan niyang si Ara at inirekomenda sa kanya. Sa pag-aakalang masipag naman ang babae ay kaagad niya itong tinanggap.

Pinaikot ni Tarah ang eyeballs. Alam na niya ang ibig sabihin niyon.

“I told you so,” sabi nito bago bumalik sa desk.

“Charie, may pagkain dito,” tawag niya sa isa sa mga ahente niya. May kanya-kanyang cubicle ang mga ito. Pumapasok ang mga ito kapag may policy

proposal ng mga kliyente, may training at kapag nagpapatawag siya ng meeting.

Tumango lang ang babae at nagpatuloy sa ginagawa. Sumulyap siya sa cubicle ni Cleo. Wala ito roon pero nandoon ang bag nito.

Malamang nag-CR, naisip niya.

Isa si Cleo sa mga ka-close niyang ahente. Every other day kasi itong pumapasok kaya nakakapagkuwentuhan sila minsan. Mabait din ito at walang ugali na puwede niyang kainisan.

Napakagat-labi siya. Nakakaramdam pa rin siya ng matinding selos pag naiisip ang huling pag-uusap nila ni Rafaelo.

Well, at least, naging honest si Ashley na ayaw niyang ilakad ito kay Cleo. She hated to admit it, but she felt jealous. Mag-iisang linggo na ring hindi nagpapakita sa kanya ang binata at siguro mabuti na rin iyon.

“Tarah!”

Muntik na siyang malaglag sa upuan sa tiling iyon ni Kirby. Natawa siya nang makita ang ayos nito. Ang boyish talaga nito kahit kailan. Polong panlalaki at maong na pantalong rugged ang suot nito with matching sneakers. Nagsilingon din ang mga ahente niya na tila inaabangan kung ano ang suot ng kaibigan.

Nakita niyang kinurot ito ni Efrina. Sinugod ng mga ito ng yakap ang tatawa-tawang si Tarah.

Noon pumasok ni Shiela kasabay ang lalaking hindi pa siya handang makita. Hindi niya mapigilang tapunan ng masamang tingin ang sekretarya. Namimihasa na ito.

“Hello, ladies. Hello, Ash,” nakangiting bati ni Rafaelo. Laglag ang panga ng mga kaibigan niya. Parang nakakita ang mga ito ng anghel na bumagsak sa lupa. Kumalas ang mga ito kay Tarah.

“Ikaw’yung pogi sa KTV Bar,” nasambit ni Tarah na naunang nakabawi sa pagkatulala.

Ngiti ang isinagot ni Rafaelo rito.

“Eh, teka magkakilala kayo ni Ash?” Si Efrina.

“Ash, boyfriend mo na ba ang mamang ito?” Si Kirby na nagpalipat-lipat ang tingin sa kanila ni Rafaelo.

“Hindi, ’no,” masungit na sagot niya. “Ang suwerte naman niya pag nagkataon.”

Nagtawanan ang mga kaibigan.

Isa-isang naglahad ng kamay ang mga ito kay Rafaelo.

“Tarah, unit manager din at friend ni Ash.” Hindi matatawaran ang ngiti ng kaibigan.

“Kirby.” Pinapungay ng bruha ang mga mata habang nakikipagkamay sa binata.

Inagaw ni Efrina ang kamay ni Rafaelo mula rito. “I am Efrina and it’s nice to finally meet you.”

“You can call me Ely or Raffy. I am Ash’s guy best friend,” pakilala nito sa mga kaibigan niya.

Kinindatan siya nito. Nagtilian ang mga bruha.

“Best friend agad? When did the two of you met? Two weeks lang akong nawala, may iba pa siyang bff agad?” pabirong drama ni Tarah.

“Narinig mo, ’day, best friends daw. Hindi pa sila. Puwede pa,” ungot ni Efrina kay Kirby.

Pabirong kinurot ito ng huli.

“Mga sira,” natatawang sabi niya. “Guys, behave. Kliyente namin ’yang si Rafaelo. Baka umatras agad iyan. Lagot kayo sa ahente niyan,” pagbibiro niya.

“Wait, did you just say Rafaelo? Rafaelo as in the infamous Rafaelo Dean? The long lost friend?” sunod-sunod na tanong ni Tarah. Mabilis talaga ang utak nito kahit kailan.

Pinamulahan siya ng mukha.

Rumehistro naman ang gulat sa mukha ni Rafaelo na unti-unting napalitan ng amused na expression. Ngayon siya nagsisisi na ikinuwento niya pa kay Tarah ang kabanatang iyon ng buhay niya.

Binigyan niya ng nagbabantang tingin ang babae, pero nagpatay-malisya lang ito.

“Is he really the one? But he’s too sexy, hindi gaya

ng pagkaka-describe mo sa akin.” Tiningnan pa nito mula ulo hanggang paa ang binata.

She recalled she described Rafaelo to her friend as a space maximizer.

Nakamasid lang sina Kirby at Efrina. Ngalinging batukan niya si Tarah. Kahit kailan talaga napakataklesa nito.

Siya namang pagtikhim ng kadarating lang na si Cleo. “Hi, Ely! Nandito ka na pala. Sorry, medyo natagalan ako,” nakangiting sabi nito.

Hindi niya napigilang tapunan ng tingin ang gayak ni Cleo. Nakabestida ito ng above the knee. Lagi itong naka-jeans dati, at ngayon lang niya ito nakitang nagbihis nang ganoon.

Ewan niya pero lately ay medyo lagi yatang may issue sa kanya kung ano ang isinusuot ng ahente at kung ano’ng ginagawa nito.

Ano nga ba ang pakialam ko? Napapraning na yata ako.

“It’s okay. Shall we go now?” Nakangiting inilahad ni Rafaelo ang kamay sa babae.

“Excuse me, ladies,” paalam nito sa kanila. Tinanguan niya lang ito nang tumingin sa kanya.

Tinapunan siya ng makahulugang tingin ni Tarah. Sina Efrina at Kirby naman ay kunot-noong nakahabol ng tingin sa mga paalis.

Nang siguradong hindi na sila naririnig ng dalawa ay inusig siya ng mga matang nagtatanong.

“Bakit si Cleo?” tanong ni Kirby.

“Akala ko pa naman ikaw ang ipinunta dito.” Si Tarah.

“Sayang. Bakit mo hinayaang sa ahente mo mapunta ang poging iyon? Sayang, Ash,” reaksyon ni Efrina.

“Come on, guys. Porke good looking, good catch na?” Umingos siya. Naiinis siya sa mga kaibigan, lalo na sa sarili. She felt jealous of Cleo.

Nahuli niyang nagpalitan ng ngiti ang mga nasa paligid. Iningusan lang niya ang mga ito. Tumayo siya at hinablot ang bag sa table. “Let’s go paint the town red!”



“Tama na nga iyan!” Inagaw sa kanya ni Tarah ang hawak niyang baso.

Sa *Padi’s Point* sila humantong ng mga kaibigan. Occasionally lang sila pumupunta roon. Noong unang beses ay dahil broken hearted si Efrina at gustong maglasing.

Nakailang baso na siya ng *margarita*. Medyo sumasakit na rin ang ulo niya. Si Efrina ay tulog na tulog na, napatumba agad ito ng ininom nito. Basta, gustong-gusto niyang maglasing nang gabing iyon.

Si Kirby ay nasa dance floor. May kasayaw itong bakla na nakilala nito sa bar na iyon. Nagpapatalbugan ang dalawa sa paggiling. Hindi niya napigilang humagikhik habang pinapanood ang showdown ng mga ito.

“So tell me, what’s bothering you, mah friend?” tanong ni Tarah. Hindi ito gaanong uminom at may importanteng meeting daw ito bukas ng umaga.

Namumungay ang mga matang hinarap niya ito.

“I just don’t understand what I feel.” Hindi niya alam kung bakit parang down na down siya. She felt like crying. Inisip na lang niyang epekto iyon ng alcohol.

Bumuntong-hininga si Tarah. “Hindi mo talaga alam? It’s Ely, your Big Raf-Raf,” saad nito, pagkatapos ay sumatsat.

Ashley closed her eyes. She really couldn’t hide anything from Tarah.

Nagpatuloy ito. “Suko ka na agad? Ashley, may nakaraan kayo. You have that over Cleo.”

“What do you mean?” Pabigat nang pabigat ang talukap ng mga mata niya at ayaw niyang dumilat. Sumasakit na rin ang kanyang sentido.

“Win his heart back, Ashley,” payo nito.

“Coming from you, huh?” hindi niya napigilang ikomento. Ni wala nga itong naging nobyo

pagkatapos kung makapag-advise parang beterana.

“Oo na. NBSB na kung NBSB. Pero you know what they say, the best love advice comes from those who don’t do relationships. Di ba nga, coaches don’t play,” sabi nito.

Sabagay. Tumawa siya nang pagak. Siyang pagbabalik ng malay ni Efrina at saka nagsuka sa harap nila.

“Yuck! Kadiri itong lukaret na ito,” tili ni Tarah. Natalsikan ng suka ni Efrina ang T-shirt nito. Diring-diring inangat nito ang damit mula sa katawan. Inabutan niya ito ng dalang wipes. “Inom-inom, hindi naman kaya ang sarili. May mabigat ba itong dinadala?” Pinunasan ni Tarah ang pang-itaas nito.

“Ihatid mo na sa kanila,” aniya na muling pumikit.

Naramdaman niya ang paghigit ni Tarah sa braso niya. “Tayo na diyan. Ihahatid ko na kayong dalawa. Iwan na lang muna natin si Kirby para maglinis dito.”

Dumilat siya. Sinulyapan niya si Efrina. Naghihilik na ito. Mukha ngang mas matindi ang problema nito kaysa sa kanya. Isang taon na mula nang makipaghiwalay ito sa huling nobyo pero hanggang ngayon ay tila hindi pa ito nakaka-move on. Kapag lumalabas sila ay hindi nila ito kayang

pigilan sa sunod-sunod na pagtungga nito ng alak.

Nagsisigaw ito kanina ng, “Long live, America!” pagkatapos nitong maubos ang ilang bote ng alak. Buti na lang at mukhang tinamaan ito ng antok at nakatulog.

“No, I’ll stay. Kay Kirby na ako magpapahatid.”

Itinaas ni Tarah ang isang kamay. “Sige. Tawagan n’yo ako kapag nakauwi na kayo,” sabi nito.

“Yes, mama...”

Mayamaya ay naalimpungatan na si Efrina. Namumula pa ang mga mata nito. Kahit nahihilo ay tinulungan ni Ashley si Tarah na akayin ang lasing na kaibigan.

Bumalik siya pagkatapos at hinagilap ng tingin si Kirby. Hindi niya ito makita sa dami ng tao sa dance floor. Umikot na lang muna siya papunta sa CR nang makaramdam ng pagsusuka. Kahit anong gawin niyang pagtutuwid sa tuhod ay parang gegewang-gewang pa rin ang lakad niya. Ilang hakbang pa at bumagsak siya sa sahig.

Naramdaman niyang may umalalay sa kanya. Itinayo siya ng matipunong mga bisig ng kung sino. At kahit nanlalabo ang paningin niya ay nakilala niya ito.

It was Big Raf-Raf.

At galit ang hitsura nito.